Republic of the Philippines
Department of Health
# FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

**FDA ADVISORY**
No. 2019-166-A

28 JUNE 2019

**PARA** : **SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO**

**PAKSA** : **Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Hindi Rehistradong Gamot na:**


1. **Lady Guada SALICYLIC ACID 25 mL**
2. **Lady Guada TINCTURE OF BENZAL 15 mL**
3. **Lady Guada OIL OF WINTER GREEN 25 mL**
4. **Lady Guada Aceite De Manzanilla 30 mL**
5. **Lady Guada EUCALYPTUS OIL 10 mL**
6. **Lady Guada HYDROGEN PEROXIDE AGUA OXIGENADA SOLUTION USP XIV**

---

Binabalaan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga hindi rehistradong gamot na:




Larawan 1. **Hindi rehistradong gamot Lady Guada SALICYLIC ACID 25 mL**



Larawan 2. **Hindi rehistradong gamot Lady Guada TINCTURE OF BENZAL 15 mL**




Management System ISO 9001:2015
TÜVRheinland CERTIFIED
www.tuv.com




Larawan 3. **Hindi rehistradong gamot**
**Lady Guada**
**OIL OF WINTER GREEN**
**25 mL**




Larawan 4. **Hindi rehistradong gamot**
**Lady Guada**
**Aceite De Manzanilla**
**30 mL**




Larawan 5. **Hindi rehistradong gamot**
**Lady Guada**
**EUCALYPTUS OIL**
**10 mL**




Larawan 6. **Hindi rehistradong gamot**
**Lady Guada**
**HYDROGEN PEROXIDE**
**AGUA OXIGENADA**
**SOLUTION USP XIV**

Napatunayan sa pamamagitan ng isinagawang *Post-Marketing Surveillance* (PMS) ng FDA na ang nasabing mga gamot ay hindi dumaan sa proseso ng rehistrasyon ng ahensya at hindi nabigyan ng kaukulang awtorisasyon tulad ng *Certificate of Product Registration* (CPR).

Alinsunod sa *Republic Act No.* 9711, o ang *Food and Drug Administration Act of 2009*, ang paggawa, pag-angkat, pagbenta, pamamahagi, paglipat, promosyon, pagpapatalastas o *sponsorship* ng produktong pangkalusugan nang walang kaukulang awtorisasyon mula sa FDA ay ipinagbabawal.

Gayundin, dahil ang mga hindi rehistradong produktong ito ay hindi dumaan sa proseso ng pagsusuri at pag-eeksamin ng FDA, hindi masisiguro ng ahensya ang epekto at kalidad ng mga ito. Ang nasabing mga iligal na produkto ay maaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit ng mga ito.

Ang publiko ay pinapaalalahanang huwag bumili ng nasabing mga iligal na produkto at maging maingat laban sa mga gamot na maaring hindi rehistrado sa FDA. Ugaliing tingnan kung ang gamot ay rehistrado sa FDA bago bilhin, sa pamamagitan ng paggamit ng *Search feature* ng FDA *website* sa www.fda.gov.ph. Maaari ring tingnan ang FDA *Registration number* sa *label* ng produkto.

Ang lahat ng establisyamento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing mga iligal na produkto hanggang sa ang mga ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon, sapagkat kaukulang parusa ay mahigpit na ipatutupad.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang mga produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-*email* sa **cdrr@fda.gov.ph** o tumawag sa **(02) 809-5596**

Upang mag-*report* ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong gamot mag-*report* gamit ang aming *online reporting facility*, ***eReport***, sa **www.fda.gov.ph/ereport**. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-*report* agad sa FDA gamit ang *link* na ito: **www.fda.gov.ph/adr-report-new** at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

**ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD, DPBO**
Undersecretary of Health
Officer-in-Charge, Director General

20190523163056